# Gabay sa Pag-Misyon

## Ano ang Misyon?

Ang misyon ay ang pagsikap para sa kinabukasan natin sa kabilang mundo. Ito ay ang pag-iipon ng mabuting karma, points at enerhiya na magagamit bilang kayamanan sa kabilang mundo. Habang tumataas ang naaabot mo sa misyon, mas mataas ang maaabot mong benepisyo sa kabilang mundo. Kumbaga, ito ay ang investment para sa magandang kalagayan pagdating sa kamatayan natin.

Ang misyon na ito ay ang landas ng mga puting engkanto papunta sa Panginoon. Ang mga puting engkanto ang nilikha ng Panginoon at inatasan sa tungkulin na maggabay sa mga tao pabalik sa kanilang mga pinanggalingan. Ito ang trabaho talaga nila. Mahirap lang ay hindi alam ng tao ang katotohanan tungkol sa mga engkanto kaya nagkakaroon ng mga maraming di pagkakaunawa tungkol sa mga engkanto.

Ang mga puting engkanto ay kasama ng Panginoon katulad ng mga anghel. Iba lang talaga ang trabaho ng mga puting engkanto. Ang pinakamatataas na mga puting engkanto ay pinakamatataas na anghel din. Sila si Kuya Loe at Ate Laneline na makikilala natin na Gabriel at Arkanghel. Sila ang mga supremo na nagpapatupad sa utos ng Panginoon.

## Bakit Magmisyon?

Kapag magtagumpay kay sa misyon, makukuha mo:

- Kaharian
- Kayamanan
- Kagandahan
- Kaalaman
- Kapangyarihan
- Kadakilaan
- Kabanalan
- Katapusan sa reincarnation

Lahat ng ito ay makukuha mo sa pagdating sa pagtawid mo sa kabilang mundo. Kailangan mo magmisyon para magkaroon ng katawan at kaharian sa engkantong mundo para doon ka maghintay para sa paghuhusga ng Panginoon. Hindi pa kasi bukas ang Langit para tumanggap ng mga tao kaya kailangan mo ng pansamantalang paglalagyan habang wala pa ang pagbalik ng Panginoon.

Makakaligtas ka rin sa mga kapamilya mo. Kung nasa impyerno, kalbaryo, purgatoryo o salibhani ang kamag-anak mo, makukuha mo sila doon para mailipat sa mas magandang lugar. Parang nagritwal ka na rin para sa mga kaluluwa pero mas malakas pa dahil mas malakas ang epekto ng misyon sa pagligtas sa mga kaluluwa.

## Pwede ba mag-asawa ng Engkanto?

Marahil ang katanungan na ito ay napag-isipan niyo na, lalo at sinasabi kong may asawa akong puting engkanto na si Rose. Ang sagot diyan ay oo. Pwede kayo magkaroon ng asawang engkanto. Pwede rin kayong magmisyon na makababa siya rito kung gustuhin niyo. Maganda ang opsyon na ito lalo na sa mga taong wala pang asawa sa mundong ito.

Kung may asawa na kayo rito sa mundo, maaaring siya na ang asawa niyo sa kabilang mundo na nagpakatao rito o hindi pa siya. Hindi niyo siya kailangan hiwalayan. Minsan nga kapag nagmisyon kayo ay pwedeng mapalitan ng spirito ang kasama niyo kung hindi yan ang spirito ng tunay niyong kabiyak para mapalitan ng spirito ng tunay niyong kabiyak. Posible yan.

# Paano kung hindi magmisyon?

Ang lahat ng tao na walang misyon ay mapupunta sa kalbaryo. Mabuti ka man o masama, mapunta ka pa rin sa kalbaryo. May maganda at pangit na lugar sa kalbaryo. Ang magandang lugar na tinatawag na Salibhani ay maginhawa para sa mga mabuting tao pero wala silang katawan. Mga naglutang lang silang spirito at walang mukha o bibig. Pero malamig at presko sa kanilang tirahan. Wala nga lang silang katawan, pagkain o kahit anong gagawin kundi lumutang lang sa kawalan - hanggang may kapamilya sila na nagmisyon at madamay sa puntos ng misyon.

Ang mga taong masama ay mapunta sa pangit na lugar sa kalbaryo na halos impyerno na dahil sa init at hirap para sa mga nakatira doon.

# Ano ang Basic na Misyon?

Ang pinakabasic na misyon ay ang pag-iwas sa mortal na kasalanan:

- Pagpatay
- Paglandi
- Pagnakaw

# Ano pang dagdag na misyon?

Pagkatapos ng basic na misyon, pwedeng magdagdag ng ibang karagdagang misyon para mas malayo o mas mataas ang maabot sa buhay, katulad ng:

- Panggagamot
- Pagtuturo ng spiritwal
- Pagpamisyon
- Pagtulong sa materyal na paraan sa mga kapwa-tao
  - Pagkain
  - Tubig
  - Kuryente
  - Medisina
  - Bahay
  - At iba pa

Pwede rin gumawa ng mga sumpa na hindi mo na babalikan ang mga makamundong kasarapan o kasalanan katulad ng:

- Pag-inom ng alak
- Panonood ng porno

- Pagyosi
- Paggamit ng droga
- Pagpunta sa mga kahalayan
- Pagpunta sa nightclub

# Magkano ang pagmisyon?

**WALANG BAYAD NA PERA ANG MISYON.**

Ang bayad dito ay ang pawis, luha at dugo sa pagsisikap na magmisyon.

Pero para sa pagpunta niyo rito sa koronasyon niyo, dapat mag-iipon kayo para sa pamasahe niyo at pagkain na sapat para sa isang linggo. Dapat makapagpatahi kayo ng puting sutana at mga karampatang sash, belta at bandana na ayon sa kulay niyo bilang engkanto.

Para sa sutana, pwede kayo bumili sa amin ng sutana level 1 ng 999 pesos na buong set (sutana,sash belt at bandana) o pwedeng kayo ang mismong magtahi o magpatahi kung gusto niyo.

# Ano ang mangyayari sa pagmisyon?

Darating ang mga karma mo sa buhay. Mas dadami ang pagsubok na kailangan mong harapin. Ang dahilan nito ay sinusunog o pinapaharap na sa yo ang lahat ng masamang epekto ng kasalanan mo sa nakaraan para mabayaran mo ang lahat ng ito sa pamamaraan ng pagdurusa.

Mas dadami ang tentasyon sa buhay mo kasi susubukan ka kung gaano ka katibay sa pananalig mo sa Panginoon. Habang mas lumalapit tayo sa Panginoon, mas humihirap ang buhay natin pero ito ay pagsubok lang para palakasin tayo kaya dapat mas lalo tayong kumapit sa Panginoon para hindi tayo madala sa mga kasamaan.
Magkakaroon ka rin ng mga panaginip tungkol sa karanasan mo sa kabilang mundo. Ang pakikipag-away, mga ala-ala sa nakaraan at mga pangitain sa kinabukasan.

Dahan-dahan, makikilala mo ang sariili mo. Malalaman mo kung ano ang dahilang binagsak ka sa mundo ng tao, ano ang pagdurusa na kailangan mong pagdaanan at saan ang kahariang uuwian mo pagdating sa kamatayan mo.

# Paano Mag-Register sa Misyon?

Kailangan namin ang inyong:
- Full Name Ayon sa Binyag
- Birthdate

Halimbawa:
- John Eric Velilla Roxas
- March 27, 1993

Ipadala niyo sa akin sa messenger sa www.m.me/ericroxas.lcs

## Screening Period

May Ilang buwan na tinatawag na screening period o panahon ng pagsasala. Dito din sinusuri ng mga puting engkanto kung handa na ba ang tao o hindi. Pagkatapos ng panahong ito, malalaman natin kung bubukas ba ang lagusan ng taong interesado magmisyon o hindi.

## Pagsubok ng Perlas

Pagkatapos ng screening period, magkakaroon ng pagsubok na magpalabas ng perlas ng kapangyarihan ang tao mula sa kabilang mundo na sariling power nila ang pagkukunan. Iba na ito kesa sa mga meditation na ako ang nagturo at nag-host kasi ang power ko ang ginagamit para makabuo sa perlas. Sa unang pagsubok na ito masusubukan ang pagkasinsero ng tao. Hindi lalabas ang perlas kung kulang ang pagkasinsero ng tao.

## Gaano Katagal ang Misyon?

Ang kabuuan ng termino para sa misyon ay 13 taon. Pagkatapos ng 13 taon, tapos na ang panahon para magmisyon ang tao at nakasarado na ang bilang niya. Pwede pa siya magdagdag ng kabutihan para mas tumaas ang points pero hindi na kasingtaas kesa kapag ginawa ang mga kabutihang ito sa loob ng 13 taon.

Ang mismong panahon ng paggawa sa misyon ay matatapos na sa 12 taon. Ang 1 taong natira para maabot ang 13 taon ay pahinga na lang para maisarado ang lahat ng pinagmisyunan.

Maaaring matapos ang tao sa pagmimisyon niya ng mas maikling panahon kesa 12 taon kung mapagbutihan niya ang pagmisyon at wala siyang bagsak. Ang iba ay makatapos sa 7 taon, 9 taon o 10 taon.

## Ang Mga Ritwal sa Tagumpay

May iba't ibang ritwal na gagawin para sa Misyonaryo ayon sa kung ano ang maabot niyang misyon sa buhay.

- Bautismo
- Koronasyon
- Pagkabusilak

At iba pa depende sa kung ano ang maabot ng misyonaryo. Importante lang ay magsikap ng todo sa misyon para maggawa ng kabutihan at umiwas sa kasamaan.

## Handa ka na ba?

Bago ka magmisyon, pag-isipan mo ng mabuti kung handa ka na bang iwanan ang lahat ng kasamaan at magpatuloy sa kabutihan habambuhay na hanaggang kamatayan.

Kung sagot mo ay hindi, magmeditate ka muna at magdasal. Mag-isip ng malalim sa ano ba ang katuturan ng buhay mo.

Kung ang sagot mo diyan ay oo, magmisyon ka na.